

**Synod of Bishops on Synodality:
Para sa isang Synodal na Simbahan: Komunyon, Pakikilahok, at Misyon.
Diocesan Phase**

“Gayunpaman, dapat nating aminin, na ang panawagan na suriin at baguhin ang ating mga Parokya ay hindi sapat para mapalapit sila sa mga tao, para sila maging buhay sa kapaligiran, sa pagkakaisa at pakikipaglahok at maging ganap na nakatuon sa misyon” Evangelii Gaudium #28

Magkakaroon ng 5 Gabi ng Mabuting Pasiya (Evening of Discernment) sa limang panig ng ating diyosis kung saan LAHAT ay magtitipon sa pakikipag isa at pakikipag lahoc sa mga talakayan ng maliit na grupo batay sa mga katanungan na ibibigay sa atin mula sa Vatican.

Bilang bunga ng mga Gabi ng Mabuting Pasiya (Evening of Discernments) ang Diocesan Steering Committee ay magbubuo ng isang dokumento na magbubuklod sa mga natuklasan ng pagpasiya sa Diocese ng St. Augustine. Ang dokumento na ito ay ipapadala sa Continental Phase kung saan isasama ito sa iba pang pasiya mula sa ibang diyosis na kumakatawan sa Hilagang America sa 2023 Synod of Bishops sa Roma.

Ano ang Synodality? - “Ang tiyak na inaasahan ng Panginoon para sa Simbahan para sa Ikatlong Milenyo” (Papa Francis, liham sa ika 50 anibersaryo ng Synod of Bishops, October 17, 2015)

- “Sama samang paglalakbay – mga layko, pastor, at mga Obispo ng Roma”
- Pinakadakilang Halimbawa – Mga Gawa ng Apostol Kabanata 15
- Nagsasangkot ng mapanalanging pagkilala sa buong tao ng Diyos
- Sinaunang punong guro ng pakikinig bilang isang pamayanan sa “kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa Simbahan” (Rev 2:7)
- Ito ang gawain ng Papa kaisa ng kanyang mga kapatid na obispo pagkatapos ng pagdarasal at pag konsulta sa buong Tao ng Diyos, upang makilala ang isang landas sa patnubay ng Banal na Espiritu Santo.

Ano ang natatangi sa Synod na ito?

- Pinahihintulutan ng Diocesan Phase ang Tao ng Diyos na makasali sa proseso ng pagpapasya ng Universal Church sa pamamagitan ng pakikinig sa Banal na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pakikinig sa bawat isa tungkol sa mga katanugan na ibinigay ng Vatican.

Pakikipag-isa

“Sa ganitong paraan, naging possible ang pagkakaisa sa gitna ng hindi pagkakasunduan, ngunit maaari lamang itong makamit ng mga dakilang tao na handang lagpasan ang ano mang hidwaan at makita ang iba sa kanilang pinakamalalim na dignidad ” *Evangelii Gaudium* 228

- Hindi natin nabibigyan diin ang kahalagahan ng panalangin!
- *Pakikipag isa sa Diyos at kapwa*
 - *Ang makinig sa Banal na Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating puso at makinig sa kanya salita sa pamamagitan sa pamamagitan ng tining ng ibang tao.*
- Ang pagbabahagi ng mga bunga ng pagdarasal ay nagpapatibay sa pagkaka isa kung pinakikinggan ito ng iba
- Ang mapanalanging pakikinig ay “higit pa sa simpleng pandinig”
- Ugali ng Pagpapakumbaba – Bawat isa ay may matututunan

Pakikilahok

“Sa simpleng salita, ang mga layko ay ang karamihan sa mga Tao ng Diyos. Ang minorya na hinirang na mga ministro- ay nasa kanilang serbisyo. ” *Evangelii Gaudium* 102

- Ang pakikilahok ng mga layko ay makakatulong sa “pag gawa ng mga pagpapasyang pastoral na hangga’t maaari ay tutugma sa kalooban ng Diyos”
- Hindi lagging pareho sa publiko o sa opinion ng karamihan
- Dumalo sa isa sa mga Gabi ng Mabuting Pasya (*Evenings of Discernment*) para talakayan ng maliit na pangkat para: Magdasal, Makinig, Dayalogo, Makilala, and Magpayo.
- Ang mapanalanging paniniwala ng mga Tao ng Diyos ay makakatulong sa pag buo ng “praktikal na konklusyon” para sa Continental at Universal Phases. Sa huli, ito ay magbubunga at mag papayaman sa bawat local na simbahan.

Misyon

“Ang simpleng administrasyon” ay hindi na sapat. Sa buong mundo, hayaan natin na tayo ay nasa “isang permanenteng estado ng misyon” *Evangelii Gaudium 25*

- Isang pormal na dokumento ng pagtuturo ang mag bibigay ng pandaigdigang plano ng aksyon na naka tuon sa “synodality” na ipapatupad sa bawat local na simbahan.
- Lahat (layko, pastor, Obispo ng Roma) ay tinatawag sa “pagbabalik look pastoral”
- Ang simbahan na nakikinig ay makaka pangaral sa mga nasa paligid ng ating pamayanan, parokya at diyosesis.
- Ito ay makakatulong sa pagbuo ng kultura ng engkwentro na mas epektibo at kapanipaniwalang saksi sa katotohanan ni Kristo sa Ikatlong Milenyong.